




PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

MAPEH (ARTS)

GRADE 4



QUARTER 3
Key Stage 2 SLM

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Unang Edisyon, 2021

MAPEH (Arts)

Ikaapat na Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Rodelito T. Parco
Content Creator /Writer

Angela A. Morando
Internal Reviewer & Editor

Michael O. Autor
Language Editor

Fe M. Ong-Ongowan & Maryglo V. Ventura
Layout Artist & Illustrator

Jeweel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **MAPEH (Arts)**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | K to 12 Learning Delivery Process | Nilalaman |
|--|-----------------------------------|---|
| Panimula (Introduction) | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| | Suriin | |
| Pagpapaunlad (Development) | Subukin | Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| | Tuklasin | |
| | Pagyamanin | |
| Pakikipagpalihan (Engagement) | Isagawa | Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| | Linangin | |
| | Ilangkop | |
| Paglalatap (Assimilation) | Isaisip | Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan. |
| | Tayahin | |

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

Tekstura at Etnikong Motif

I

Aralin

Ang bawat produkto o bagay ay nagtataglay ng iba't ibang tekstura (texture). Ang T'nalak (telang hinabi ng mga Tiboli) ay may malambot na tekstura. Ang mga pinggan naman ay may makinis na tekstura. Ang mga basket, banig, at bag na yari sa yantok ay may teksturang magaspang. May mga bag naman na malalambot at makikinis. Ang **tekstura** ay maaaring makinis, madulas, makapal, mapino, mabako, manipis, o magaspang.

Ang tekstura ng isang bagay ay naaayon sa uri ng materyal na ginamit dito. Bukod sa mga tunay na bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran, nalalaman din natin ang tekstura sa pamamagitan ng pandama o paghipo, o teksturang *tactile*, at pagmamasid o teksturang biswal.


Maraming produktong yari sa Pilipinas na kinakalakal sa ibang bansa ang nagugustuhan ng mga dayuhan dahil sa tibay at kakaibang ganda ng mga ito. Karaniwang makikita sa mga produkto ang iba't ibang disenyo na nagpapakilala ng lugar o pangkat na pinagmulan nito. Taglay ng mga ito ang ibat ibang tekstura.

Ang bag, basket at banig na yari sa yantok ay may teksturang matigas at magaspang. May mga bag na malalambot at makikinis. Ang tekstura ng isang bagay ay naaayon sa uri at kagamitan na ginamit dito. Bukod sa mga tunay na bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran, nalalaman din natin ang tekstura sa pamamagitan ng pandama o paghipo (teksturang *tactile*) at pagmamasid o teksturang biswal.


banig na yari sa abaka




telang hinabi ng mga taga Mindanao



bag na yari sa buri



lampshades na gawa sa Pampanga



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin ang bawat pahayag at isulat ang **T** kung ito ay tama at **M** kung mali.

- ___ 1. Ang tekstura ay katangian ng bagay na nahihipo, nadarama at nakikita.
- ___ 2. Ang banig na yari sa abaka ay may malambot na tekstura.
- ___ 3. Ang *sand paper* o papel de liha ay may makinis na tekstura.
- ___ 4. Malambot ang tekstura ng unan at kumot.
- ___ 5. Ang kutsara at pinggan ay may makinis at matigas na tekstura.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang tekstura ng bawat kagamitan.

1. Si Aling Nena ay bumili ng puto sa palengke upang ipasalubong sa kaniyang anak . Paborito nila ito dahil sa taglay na sarap at linamnam. Ano kaya ang tekstura ng puto na binili nya para sa mga anak?
 - a. magaspang
 - b. madulas
 - c. malambot
 - d. matigas
2. Papalapit na naman ang tag-init kaya kakailanganin na naman natin ng mga panangga sa sikat ng araw, isa sa pinaka karaniwang ginagamit rito ay ang sombrero na yari sa tela. Ano ang tekstura ng sombrero?
 - a. madulas
 - b. magaspang
 - c. malagkit
 - d. manipis
3. Isa sa pinakasikat na larong pinoy ay ang tumbang preso, sa paglalaro nito ay kakailanganin natin ng lata at tsinelas. Ano kaya ang tekstura ng tsinelas?
 - a. Baku- bako
 - b. manipis
 - c. malambot
 - d. malagkit

4. Magluluto ang aking nanay ng pinakbet ngunit napansin niyang kulang sya ng okra kaya nagmadali syang pumunta sa palengke upang bumili nito. Ano kaya ang tekstura nito?

- a. magaspang
- b. makinis
- c. makapal
- d. malagkit

5. Ang tag-init ay unti-unti nang nagpaparamdam at dahil dito marami na naman ang nagtitinda ng sorbetes. Ang pinaka paborito kong lasa ay may pinipig. Ano kaya ang tekstura ng pinipig?

- a. mapino
- b. bako-bako
- c. malagkit
- d. makinis

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____ 1. Paano mo mailalarawan ang tekstura ng unan at kumot na karaniwang ginagamit sa pagtulog?

- A. Ang tekstura nito ay malambot para sa ating balat.
- B. Ang tekstura nito ay matigas.
- C. Ang tekstura ay baku-bako.
- D. Ang tekstura ay magaspang.

_____ 2. Bakit ang banig ay karaniwang yari sa abaka?

- A. Dahil ito ay may malambot na tekstura.
- B. Dahil ito ay may matigas na tekstura.
- C. Dahil ito ay may baku-bakong tekstura.
- D. Dahil ito ay may makinis na tekstura.

_____ 3. Alin sumusunod ang pinakamatibay na bag batay sa tekstura nito?

- A. plastic na bag
- B. bag na yari sa carton
- C. bag na yari sa buri
- D. bag na yari sa yantok

- ____ 4. Paano mo mailalarawan ang tekstura ng kutsara at tinidor na iyong ginagamit?
- Ito ay may matigas na tekstura.
 - Ito ay may malambot na tekstura.
 - Ito ay may makinis na tekstura.
 - Ito ay may magaspang na tekstura
- ____ 5. Alin sa sumusunod ang may pinakamakinis na tekstura?
- papel
 - buhangin
 - carton
 - banga

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gamit ang tsart magtala ng mga bagay na makita sa bahay. Suriin kung ano ang tekstura ng mga bagay na iyong pinili.

| Mga bagay na makikita sa loob ng bahay | Tekstura |
|--|----------|
| lamesa | matigas |
| 1 | |
| 2 | |
| 3 | |
| 4 | |
| 5 | |

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Kung ang bulak ay ginagamit ng karamihan na panlinis ng ating mukha. Ano kaya ang tekstura nito?
- a. matigas
 - b. madulas
 - c. malambot
 - d. magaspang
- _____ 2. Karamihan ng mga mag aaral ay gumagamit ng lapis bilang panulat nila sa pagsasagot ng modyul. Ang lapis ay may teksturang _____.
- a. malambot
 - b. matigas
 - c. magaspang
 - d. madulas
- _____ 3. Kung ang papel ay malambot , Ano kaya ang tekstura ng kahon ?
- a. malabot
 - b. matigas
 - c. madulas
 - d. magaspang
- _____ 4. Ang kumot at unan na ginagamit natin sa pagtulog ay may teksturang _____.
- a. magaspang
 - b. Malabo
 - c. matigas
 - d. baku -bako
- _____ 5. Alin sa mga bagay na nasa ibaba ang may teksturang matigas?
- a. lamesa
 - b. foam
 - c. unan
 - d. kumot

A

Punuan ang mga patlang upang mabuo ang talata. Pumuli ng sagot sa loob ng bilog. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang _____ ng isang bagay ay naaayon sa uri ng materyal na ginamit dito. Bukod sa mga tunay na bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran, nalalaman din natin ang tekstura sa pamamagitan ng pandama o _____, o teksturang tactile, at pagmamasid o teksturang _____.

Tekstura

Biswal

Paghipo

paghawak

Etnikong Motif

Aralin


I

Mayaman sa kultura at sining ang ating bansa. Ito ay dahil sa kontribusyon ng iba't ibang pangkat etniko. Ang kanilang mga disenyo ay batay sa mga bagay-bagay na natatagpuan o nakikita sa kanilang lugar o kapaligiran at kultura.

Ang mga disenyong may **etnikong motif** ay makikita sa maraming bagay tulad ng banga, tela, damit, sarong, malong, panyo, cards, at iba pa. Lalo nitong napagaganda ang mga kagamitan.






Binubuo ang etnikong motif ng mga hugis at linya. Sa pamamagitan ng **pag-uulit**, **pagsasalit-salit** at **radial na ayos** (paikot) ng mga hugis at linya, nagkakaroon ng maganda at kaaya-ayang disenyo ang mga ethnic motif designs.

Sa araling ito ay Inaasahan na masusuri mo kung paano ang mga etnikong motif designs ay ginagamit ng paulit-ulit at pasalit-salit.




D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Tukuyin kung ang mga sumusunod na etnikong motif ay **pag-uulit**, **pagsasalit-salit** o **radial na ayos**.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Piliin ang angkop na pangungusap na nagpapaliwanag sa larawan.




A. Ang disenyonang ito ay ginamitan ng iba't ibang hugis na inilagay sa paraang paikot.




B. Ang disenyonang ito ay binubuo ng iba't-ibang linya at hugis na inilagay sa paraang pataas at pababa



C. Ang disenyonang ito nabuo sa pagsalit salit at pag ulit-ulit ng mga disensyo na nabuo mula sa mga linya at hugis.



D. Ang disenyonang ito ay ginamitan ng iba't-ibang linya at hugis na inayos ng paulit-ulit.



E. Ang desisyong nabuo ay ginamitan ng katutubon sining ay inaayos ng pasalit salit

E

Gawain sa Pagkatutu Bilang 4: Isulat kung **TAMA** ang isinasaad ng pangungusap at **MALI** kung hindi.

- ___ 1. Ang mga disenyong may etnikong motif ay karaniwang makikita sa maraming bagay sa ating paligid.
- ___ 2. Tuwid na linya lamang ang bumubuo sa etnikong disenyo.
- ___ 3. Magkakaroon ng kaaya-ayang kaayusan ang mga etnikong disenyo kung maayos ang pag-uulit, pagsasalit-salit at paglalagay ng disenyong paikot sa anomang bagay na gusto mong bigyang kulay.
- ___ 4. Kailangang pag-isipang mabuti ang pattern na gagawin kung lilikha ka ng isang artwork.
- ___ 5. Hindi nakapagdaragdag ng ganda ang mga etnikong nasa kasangkapang tulad ng tela, damit, malong., panyo at sarong.

A

Punan ang mga patlang upang mabuo ang talata. Piliin ang tamang sagot sa ibaba.

Ang mga disenyong may _____ ay makikita sa maraming bagay tulad ng banga _____, _____, _____ at iba pa. Lalo nitong mapapaganda ang kagamitan.

Binubuo ang etnikong motif ng mga hugis at _____. Sa pamamagitan ng pag uulit, pagsasalit -salit at _____. Nagkaroon ng maganda at kaaya- ayang disenyo ang mga etnikong motif.

| | | |
|-------|--------|-----------------------|
| tela | damit | etnikong <i>motif</i> |
| linya | radial | |

Paraan ng Paglilimbag o Relief Prints

Aralin

I

Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging malikhain. Naipapakita ito sa pamamagitan ng mga likhang-sining. Ang paggamit ng iba't ibang kulay, hugis at linya ay nagpapakita ng talento ng mga Pilipino sa sining. Ang malikhaing sining na ito ay maipapakita sa mga kasuotan at kagamitan na kanilang ginagamit.







Ang **paglilimbag** (*relief master o mold*) ay isang gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iiwan ng bakas ng isang kinulayang bagay sa isang papel o tela. Ang paggamit ng iba't ibang bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran ay makatutulong sa atin upang maisagawa nag paglilimbag.

Paano isinasagawa ang paglilimbag o *relief printing*?

Narito ang mga hakbang sa pagsasagawa ng paglilimbag o relief printing?

Paraan ng Paglilimbag:

1. Ihanda ang mga kagamitang gagamitin sa paglilimbag. Ito ay maaaring mga bagay na makikita sa kapaligiran.
2. Kinakailangan din ang “water color o acrylic paint” at papel o tela kung saan dito mag-iiwan ng bakas ng kinulayang bagay.
3. Iguhit sa papel o tela ang disenyong nais gawin.
4. Kulayan ang bagay na ginamit sa paglilimbag at ilapat ito sa papel o telang ginamit.
5. Hintaying mailpat sa papel o tela ang disenyong nais ilimbag.
6. Patuyuin ang kulay upang maging malinis tingnan ang disenyong paglilimbag na ginawa.



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin ang bawat pangungusap. Iguhit a tatsulok \triangle kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong paraan ng paglilimbag at parisukat \square kung mali.

- _____ 1. Upang malagyan ng kulay ang sining, gumamit ng Acrylic Paint o water color.
- _____ 2. Isa sa mga kagamitang maaaring gamitin sa paggawa ng Relief Mold ay ang basag na bote.
- _____ 3. Hindi na maaaring magdagdag ng disenyo sa iyong ginagawang paglilimbag.
- _____ 4. Maaaring gumamit ng *recyclable materials* sa paggawa ng *relief mold*.
- _____ 5. Mahalagang maging malinis ang paligid kung saan isinasagawa ang paglilimbag.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Panuto:Upang makalikha ng isang ma-ganda at maayos na paglilimbag ay dapat sundin ang tamang hakbang sa pag gawa. Pagsunod-sunorin ang mga hakbang sa paglilimbag sa pama-magitan ng paglalagay ng bilang 1-6.

- _____ Kulayan ang bagay na ginamit sa paglilimbag at ilapat ito sa papel o telang ginamit.
- _____ Ihanda ang mga kagamitang gagamitin sa paglilimbag. Ito ay maaaring mga bagay na makikita sa kapaligiran.
- _____ Patuyuin ang kulay upang maging malinis tingnan ang dis-enyong paglilimbag na ginawa.
- _____ Kinakailangan din ang “water color o acrylic paint” at papel o tela kung saan dito mag-iiwan ng bakas ng kinulayang bagay.
- _____ Iguhit sa papel o tela ang disenyong nais gawin.
- _____ Intaying mailipat sa papel o tela ang disenyong nais ilimbag.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin at pag-aralan ang gawain. Sundin ang hakbang sa Paggawa.

Kalamansing Bulaklak

Mga Kagamitan: Kalamansi, papel at dyaryo, tubig, brush at water color

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Linisin ang mesang paggagawan at lagyan ng lumang dyaryo o papel.
2. Ihanda ang mga kagamitang gagamitin.
3. Mag-isip ng sariling disenyo ng bulaklak at iguhit ito sa papel.
4. Kumuha ng kalamansi at hatiin ito sa dalawa.
5. Sa pamamagitan ng brush ay pahiran ng water color ang loob na bahagi ng hinating kalamansi
6. Ipatong nang maingat ang nakulayang bahagi ng kalamansi sa papel at diinan ng bahagya. Ulit-ulitin hanggang makabuo ng disenyong bulaklak
7. Patuyuin ang kulay upang maging malinis tingnan ang disenyong paglilimbag na ginawa.
8. Sa likod na bahagi ng papel ipaliwang kung anong uri ng bulaklak ang ginawa.

Rubriks para sa Gawain Pagkatuto Bilang 3

| Mga Sukatan | Lubos na nasunod ang pamantayan sa pagkabuo ng likhang sining (5) | Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang sining (4) | Hindi nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang sining (3) |
|--|--|---|---|
| 1.Nagamit nang maayos ang kalamansi sa pagbuo ng disenyo | | | |
| 2. Naipaliwanag ang natapos na likhang sining. | | | |
| 3. Naipapakita ang pagpapahalaga sa likhang sining sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kahalagahan nito sa iba. | | | |

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Lagyan ng tsek (/) ang antas na iyong naabot sa bawat kasanayan.

| PAMANTAYAN | Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantay subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|--|---|---|-----------------------------------|
| 1. Nasunod ko ang pamamaraan sa paglilimbag | | | |
| 2. Gumamit ako ng mga bagay na may iba't ibang tekstura sa pagbuo ng disenyo. | | | |
| 3. Naipaliwanag ko ang natapos na likhang sining. | | | |
| 4. Napahalagahan ko ang likhang sining sa pamamagitan ng paggamit at pagbahagi nito. | | | |
| 5. Naitanghal ko ang natapos na gawain. | | | |

A

Buoin ang talata. Piliin ang sagot sa kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang _____ ay mga disenyo , letter print , slogan o logo na makikita sa mga _____, _____, tarpaulin upang hindi paulit-ulit ang pagguhit o _____.

papel

relief print

tela

pagpinta

Paggawa ng Etnikong Disenyo






Aralin

I

Ang mga disenyong may etnikong *motif* ay madalas na makikita sa maraming bagay na ginagamit sa araw-araw na pamumuhay tulad ng banga, kagamitan sa bahay, tela, damit, malong, panyo at iba pa. Naging kaaya-aya pagmasdan ang mga kagamitan.

Sa paglikha ng mga etnikong motif dapat natin isaalang-alang ang mga elemento ng sining tulad ng kulay, hugis upang maiayos ng mabuti ang mga disenyo na paulit-ulit, salit-salit at radial na ayos.


Narito ang halimbawa ng mga etnikong *motif* :




D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Gamit ang mga dibuhong araw ng iba't ibang pangkat etniko, lumikha ng etnikong *motif* na paulit-ulit o pasalit-salit.


Kaya kung Lumikha...




Kalinga




Maranao



Ifugao



Bagobo



E

Gawain sa Pagkakatuto bilang 3: Gumawa ng Masining na Dibuhong gamit ang *Relief Master* o *Mold*. Gamitin ang rubrik sa susunod na pahina upang malaman ang antas ng iyong gawa.

Kagamitan: iba't ibang gamit na karton o lumang folder, acrylic paint, gunting, glue o paste, lapis, kutsara, bond paper o oslo paper, at lumang dyaryo

Mga Hakbang Sa Paggawa:

1. Takpan ng lumang dyaryo ang ibabaw ng mesa o lugar na gawaan upang hindi ito marumihan.
2. Kunin ang dalang karton. Maaaring gamitin ang cardboard na nasa likod ng iyong pad paper o kaya takip ng kahon ng sapatos o iba pang uri ng kahon na hindi na gagamitin.
3. Gamit ang lapis, gumuhit ng isang disenyong pangkat etniko na ginamitan ng kontrast sa karton.
4. Gupitin ang bahaging disenyong ito. Gamit ang nagupit na disenyo, ayusin at iguhit ito ng paulit-ulit sa ibabaw ng isa pang karton.
5. Idikit ang iba't ibang piraso na magsisilbing bloke.
6. Gamitin ang acrylic paint upang malagyan ng kulay ang harap ng dibuhong iyong ginawa. Maaari ring gumamit sa pamamagitan ng pag-uulit-ulit at pagsasalit-salit ng mga hugis at kulay, naipakikita natin ang kontrast at nakabubuo tayo ng disenyo na nagpapakita ng ating pagiging malikhain, mga kulay na nagpapakita ng contrast. Ilapag o ibaba ang bloke sa mesa. Siguraduhin na ang may kulay na bahagi ng bloke ay nasa mesa.
7. Ilagay ang bond paper o oslo paper sa ibabaw ng may kulay na bahagi ng bloke.
8. Gamit ang kutsara, ilapat nang may tamang diin ang papel sa *bloke* hanggang sa mailipat nang pantay ang disenyo.
9. Dahan-dahang tanggalin ang papel. Suriin ang nailipat na disenyo.
10. Maari mong ulit-ulitin ang proseso gamit ang iba't ibang kulay hanggang sa magustuhan mo ang kabuoang disenyo na iyong nagawa.
11. Lagyan ng pamagat ang iyong ginawang dibuhong.
12. Ipaskil ito sa paskilan.

Panuto: Lagyan tsek (/) ang hanay naayon ang antas ng iyong nagawa.

| Pamantayan | Nakasunod sa pamantayan na higit nang inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|--|--|--|--------------------------------------|
| 1.Nabuo ang disenyo sa pamamagitan ng Paglilimbag. | | | |
| 2.Nakasunod ako sa mga pamamaraang itinakda. | | | |
| 3. Naipakita ang paging malikhain sa paggamit ng contrast na mga hugis at kulay. | | | |
| 4.Natapos ang gawain sining sa tinakdang oras. | | | |
| 5.Nakasunod ako sa gawaing pangkaligtasan sa paggawa ng likhang sining. | | | |

A

Buoin ang talata. Piliin ang sagot sa kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang _____ (relief master o mold) ay isang gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iiwan ng _____ ng isang kinulayang bagay sa isang papel o _____. Ang paggamit ng iba't ibang bagay na matatagpuan sa ating _____ ay makatutulong sa atin upang maisagawa nag paglilimbag.

Paglilimbag

tela

kapaligiran

bakas

Paggawa ng Relief Print Gamit ang Luwad


I

Aralin

Saan mang lalawigan ay maraming luwad (*plastic clay*). Maraming bagay ang maaari nating likhain na payak at kakaiba mula sa luwad. Makagagawa tayo ng mga palayok at mga paso na malaking negosyo at mahalagang produkto sa ilang mga lugar sa bansa. Maging sa pagpapatagal ng pagkain at pagpapatuyo, ginagamit pa rin ang luwad.

Mula pa rin dito, makagagawa tayo ng relief na binubuo ng disenyong inuulit-ulit at disenyong salit-salit.

Ang paglilimbag na may disenyong etniko na mula sa luwad ay nagbibigay ng karagdagang kaayusan at kagandahan kung ito ay gagawin ng may husay, tiyaga at pagka-malikhain.




Pag-aralang mabuti ang mga kagamitan, at mga hakbang sa paggawa ng *relief master* o *molder* para sa relief printing.

Kagamitan: luwad (plastic clay), diyaryo

Mga Hakbang Sa Paggawa:

1. Takpan ng lumang diyaryo ang mesang gawaan.
2. Ilabas ang dalang luwad.
3. Pagulungin o diinan sa mesa ang luwad upang lumambot.
4. Gumawa ng disenyong may iba't ibang hugis.
5. Siguraduhin na ang bahaging ididiin sa papel o materyales na paglagyan ng disenyo ay pantay.
6. Patuyuin ito para magamit sa relief printing.



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Alamin ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng paglilimbag mula sa luwad. Isulat ang mga letrang A, B, C, D at E sa bawat patlang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Patuyuin ang natapos na likhang sining, lagyan ito ng pamagat.
- _____ 2. Ilabas ang dalang luwad at pagulungin sa mesa upang lumambot.
- _____ 3. Gumawa ng disenyong may iba't ibang hugis.
- _____ 4. Kulayan ang nabuong disenyong Relief ng matitingkad na kulay at may salit-salit sa paggawa.
- _____ 5. Ang Disenyo ay ilimbag nang paulit-ulit at salit-salit upang mapaganda ang sining

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Gumawa ng disenyo gamit ang luwad. Sundan ang hakbang sa ibaba. Gamitin ang rubrik sa kabilang pahina upang masukat ang antas ng iyong kakayahan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Disenyong Luwad

Kagamitan: luwad o clay, dyaryo, pangkulay

Mga hakbang sa Paggawa

1. Ihanda ang lahat ng kagamitan.
2. Gumawa ng disenyong gamit ang mga disenyong etniko.
3. Ilabas ang luwad at pagulugin sa mesa upang lumambot.
4. Ilimbag ang disenyong etniko na nakaayos na paulit-ulit.
5. Kulayan ang nabuong disenyong *relief* ng matitingkad at mapusyaw na kulay.
6. Patuyuin ang likhang sining, Lagyan ito ng pangungusap na maglalarawan sa inyong ginawa.

Lagyan ng tsek (/) ang kahon na katumbas na naabot mong antas

| Pamantayan | Naisagawa ang obra nang mahusay at higit pa sa inaasahan | Naisagawa ang obra nang maayos ayon sa inaasahan | Naisagawa ang obra nang maayos ayon sa inaasahan |
|--|--|--|--|
| 1. Nakagawa ako ng isang simple at kakaibang disenyo. | | | |
| 2. Nakapaglimbag ako ng relief gamit ang disenyong etniko | | | |
| 3. Gumamit ako ng mga kulay na matitingkad at mapusyaw | | | |
| 4. Gumamit ako ng mga disenyong-etniko batayan ng aking mga disenyo. | | | |
| 5. Nakasunod ako sa wastong hakbang sa paggawa. | | | |

A

Lagyan ng angkop na salita sa kahon upang mabuo ang talata. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Saan mang lalawigan ay maraming luwad (plastic clay). Maraming bagay ang maaari nating likhain na payak at kakaiba mula sa luwad. Makagagawa tayo ng mga _____ at mga paso na malaking negosyo at mahalagang produkto sa ilang mga lugar sa bansa. Maging sa pagpapatagal ng pagkain at pagpapatuyo, ginagamit pa rin ang _____.

Mula pa rin dito, makagagawa tayo ng relief na binubuo ng disenyong inuulit-ulit at disenyong _____.

Ang paglilimbag na may disenyong etniko na mula sa luwad ay nagbibigay ng karagdagang kaayusan at kagandahan kung ito ay gagawin ng may husay, _____ at pagka-malikhain.

| | | | |
|--------------|---------|-------|--------|
| Salit- salit | palayok | luwad | tiyaga |
|--------------|---------|-------|--------|

Paglikha ng Relief Mold Gamit ang Makikitang Bagay sa Paligid

Aralin

I

Maraming mga bagay sa ating paligid. Ang kagamitan ating tahanan ang maaring gamitin sa paglilimbag tulad kutsara, tinidor, baso o maging ang plato.

Ang paglilimbag ay isa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag iiwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Ang paglilimbag na ito ay tinatawag ding relief mold. Ang relief mold ay maaring isagawa sa pamagitan ng iba't ibang bagay na matatagpuan sa paligid at sariling pamayanan.

Maaaring gamitin sa paglikha ng relief mold ay hard foam, cardboard, tali, butones, lumang turnilyo, at iba't ibang uri ng metal upang makabuo ng isang likhang sining.

Sa pamamagitan ng kulay, mapayayaman ang ganda ng mga gawaing sining dahil ito ay nagpapakita ng damdamin at malawak na imahinasyon ng gumawa.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **T** kung tama ang ipinapahayag sa pagbuo ng isang relief mold at **M** kung mali.

- _____ 1. Sa paggawa ng isang Relief mode kailangan unang ihanda ang mga kagamitang kailangan.
- _____ 2. Maaring gamitin sa likhang sining na ito ang mga kagamitang makikita sa tahanan.
- _____ 3. Kailangang hindi mag-iwan ng bakas ang isang bagay .
- _____ 4. Kailangang patuyuin ang natapos na gawain bago ipaskil.
- _____ 5. Ang foam, cardboard , butones ay hindi maaaring gamitin sa *relief mode*.

E


Gawain sa Pagkakatuto Bilang 2: Gumawa ng Relief Mold. Sundin ang hakbang sa ibaba. Gamitin ang rubrik sa kabilang pahina upang masukat ang antas ng iyong kakayahan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Relief Mold, Game na Game na!

Kagamitan: lumang karton o cardboard, bondpaper, wood, glue, gunting, brush, acrylic paint, kutsara o tinidor at lumang dyaryo.

Mga Hakbang sa Paggawa

1. Ihanda ang lahat ng kagamitan.
2. Linisin ang lugar na paggagawaan.
3. Lagyan ng Lumang dyaryo.
4. Kunin ang lumang karton o cardboard.
5. Mag-isip ng isang sariling disenyo. Iguhit ito sa karton.
6. Kunin ang gunting at gupitin ang disenyong iginuhit sa karton.
7. Ayusin ang disenyo sa ibabaw ng isang karton at idikit ito.
8. Kulayan ito ng pintura gamit ang brush.
9. Kumuha ng papel at ilagay ito sa ibabaw ng disenyo
10. Ihagod nang dahan-dahan ang kutsara sa ibabaw ng papel hanggang sa mailipat ang disenyo sa papel.
11. Patuyuin ang natapos na gawain.
12. Lagyan ng pamagat ang natapos na likhang sining.



Lagyan ng tsek(/) ang angkop na kahon ng iyon nakayanan.

| Kasanayan | OO | Hindi |
|--|----|-------|
| 1.Nagawa ko ang relief mold mag-isa | | |
| 2.Naging malinis at maingat ako sa aking gawain | | |
| 3.Naibigay ko ng buhay ang natapos na likhang sining | | |
| 4. Naging kaakit- akit ang limbang na nagawa | | |
| 5. Natapos ko sa tamang oras | | |

Gawain sa Pagkakatuto Bilang 2: Gumawa ng sariling disenyo ng table mat. Sundan ang hakbang sa ibaba. Gamitin ang rubrik sa ibaba upang masukat ang antas ng iyong kakayahan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Disenyong sa Table Mat

Kagamitan: acrylic paint, katsa o anumang tela na kasing laki ng mat o panyo, disposable spoon (maliit at Malaki), craft paper at lapis

1. Ihanda ang mga kagamitan
2. Lagyan ng lumang dyaryo ang lugar na paggagawaan. Ayusin ang tela sa ibabaw nito nang maayos.
3. Mag isip ng isang disenyo na binubuo ng ibat- ibang hugis na maliit at Malaki gamit ang mga disposable spoon.
4. Kunin ang disposable spoons at dahan –dahang lagyan ng pintura ang likod nito
5. Dahan—dahang idikit ang bahaging may pintura ng disposable spoon sa tela paulit– ulit hangang mabuo ang disenyo naisip.
6. Patuyuin ang telang may disenyo

Pagmasdan ang natapos na *Relief Mold*. Gamit ang rubric sa ibaba. Lagyan ng butuin ★ sa inyong kasama sa bahay ang kolum na naaayon sa inyong kakayahan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di -Gaanong mahusay |
|--|-------------|---------|---------------------|
| 1. Nakagawa ako ng disenyo gamit ang <i>relief</i> | | | |
| 2. Naging makulay ang aking disenyo | | | |
| 3. Nasunod ko nang tama ang mga pamamaraan | | | |
| 4. Naging makabuhuhan ang aking likhang sining ko | | | |
| 5. Naging malikhain ako sa natapos na gawain | | | |

A

Buoin ang talata sa ibaba. Pumili ng angkop na salita sa kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang _____ ay isa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag iiwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Ang paglilimbag na ito ay tinatawag ding relief mold. Ang _____ ay maaring isagawa sa pamagitan ng iba't ibang bagay na matatagpuan sa paligid at sariling pamayanan.

Maaaring gamitin sa paglikha ng relief mold ay hard foam, card-board, tali, _____, lumang turnilyo, at iba't ibang uri ng _____ upang makabuo ng isang likhang sining.

| | | | |
|-------------|-------------|---------|-------|
| Paglilimbag | relief mold | butones | metal |
|-------------|-------------|---------|-------|

Paglahok sa Pampaaralang Eksibisyon ng mga Likhang Sining


Aralin

I

Ang pagtatanghal sa isang obra o eksibisyon ay ginagawa upang maipakita ang husay at galing ng bawat isa. Dito maipakikita ang malawak na imahinasyon ng bawat isa. Ipapamalas din dito ang mga natatanging likhang sining ng bawat mag-aaral.

Sa paggawa ng isang eksibisyon, kailangan ayusin ang lahat ng mga bagay na nais ipakita o itanghal nang maayos sa lugar na itinalaga. Ang pagpapangkat ng mga likhang sining ay naaayon sa layunin ng eksibit. Maaari ang pagsasaayos ng mga likhang sining ay batay sa panahon ng pagkakatagawa, ayon sa pangkat, paksa o sa midyum na ginamit.

Ang eksibit ay isang paraan upang maipakita ang kakayahan at natatanging gawa ng mga manlilikha o artist.



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng bituin ☆ ang mga gawain na makatutulong upang makasali sa isang pampaaralang eksibisyon.

- _____ 1. Kailangan ayusin ang lugar kung saan itatanghal ang mga likhang sining.
- _____ 2. Ang pagpapangkat ng mga likhang sining ay makatutulong upang maging maayos ang eksibit.
- _____ 3. Hindi kailangan ang pakikiisa ng lahat sa pagdaraos ng isang eksibit.
- _____ 4. Maaaring isaayos ang mga likhang sining ayon sa paksa o midyum na ginamit.
- _____ 5. Kung sakaling may mga panauhin, nararapat na maipaliwanag ito nang maayos at magiliw.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Gawin ang Gawaing Pansining na nasa ibaba. Gamitin ang rubrik sa susunod upang masukat ang iyong kakahayan.

Gawaing Pansining

(Paalaala: Sa kadahilanan na *modular platform at di-pagkakaroon ng face-to-face classes*, lahat ng iyong nagawang disenyo ay pansamantalang isasaayos sa iyong tahanan. Gagawa ng isang lugar kung saan makikita ang lahat na disenyo mong ginawa.)

Isalansan nang maayos ang iyong mga likhang-sining sa itinalagang lugar para sa iyong eksibisyon.

Palagyan ng komento o suhestiyon sa mga kasama sa bahay.


Gamitin ang rubriks sa ibaba upang masuri ang ipinakita mong kakayahan sa ginawa mong eksibit sa inyong tahanan. Kulayan ng paborito mong kulay ang kahon na katumbas ng antas na anaabot mo sa bawat kakayahan.

| Kasanayan | Napakahusay | Mahusay | Kailangan ng Tulong |
|--|-------------|---------|---------------------|
| 1. Naipakita ko ang kasiyahan sa pagpapakita ng sariling likhang sining. | | | |
| 2. Maayos kong naitanghal ang sariling likhang sining. | | | |
| 3. Ginawa kong malinis at kaaya-aya ang sariling lugar na pinaglagyan ko ng iksibit sa aming tahanan | | | |
| 4. Malinaw kong naipaliwanag sa aking kasama sa bahay kung ano iyong mga disenyong nagawa. | | | |

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa pagsasagawa ng isang eksibisyon, kailangan ayusin ang lahat ng bagay na nais ipakita o itanghal nang maayos sa lugar na itinalaga. Maaaring ang pag-ayos ng mga likhang-sining ay batay sa panahon ng pagkakagawa, ayon sa pangkat, paksa o sa *midyum na ginamit*.

Sagutin ang tanong. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- Maliban sa eksibisyon o pagtatanghal, paano mo mabibigyang halaga ang iyong mga likhang sining?



Susi sa Pagwawasto

Week 1

Gawain sa Pagkatuto 1

1. T
2. T
3. M
4. T
5. T

Gawain sa Pagkatuto 2

1. C
2. B
3. B
4. D
5. A

Gawain sa Pagkatuto 3

1. A
2. A
3. C
4. A
5. A


Week 2

Gawain sa Pagkatuto 1

1. salit –salit
2. Radial
3. Paulit-ulit
4. Paulit –ulit
5. Salit-salit

Gawain sa Pagkatuto 2

1. B
2. A
3. B
4. D
5. E



PIVOT Assessment Card for Learners

Personal na Pagtatâsa sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinao o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|----------------------------|----|----------------------------|----|----------------------------|----|----------------------------|----|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |
| Week 5 | LP | Week 6 | LP | Week 7 | LP | Week 8 | LP |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.

Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Department of Education. *Musika at Sining Kagamitan ng Mag-aaral 4*. Pasig City: Department of Education.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

